 <input type="checkbox"/> PATAKARAN <input type="checkbox"/> PAMAMARAAN <input checked="" type="checkbox"/> PATAKARAN AT PAMAMARAAN <input type="checkbox"/> PLANO	Pahina 1 ng 4		SANGGUNIAN			
	ORIHINAL NA PETA NA INISYU 06/99	KASALUKUYANG PETA NA NAGKABISA 06/16	CATEG/DIV AS	# NG SEKSYON 1	SECT.CODE AO	# NG PATAKARAN / PAMAMARAAN / PLANO 01206.99
	PAMAGAT:					
	MGA SERBISYO NG WIKA (INTERPRETASYON)					
PAKSA:						
Pagsasalin						
(Mga) keyword: Mga tagasaling-wika, Tulong sa Wika, Pagsasalin , Spanish, Tagalog, wikang pasenyas, may kapansanan sa pandinig						

<input type="checkbox"/> Lahat ng Sharp HealthCare	MGA MAY KAUGNAYANG DEPARTAMENTO:	PAGKILALA SA KATANGIAN:
<input type="checkbox"/> Mga Serbisyo ng System Mga Center sa Operasyon: <input type="checkbox"/> SRS <input checked="" type="checkbox"/> CV-OPS <input type="checkbox"/> SCMG <input checked="" type="checkbox"/> GPSC <input type="checkbox"/> SHP <input checked="" type="checkbox"/> SMH-OPP	Lahat ng Lugar sa Pangangalaga ng Pasyente	Ang Pinagsanib na Komisyon; (RI) AAAHC (4-H)
Mga Ospital (lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop): <input checked="" type="checkbox"/> SCOR <input checked="" type="checkbox"/> SMH <input checked="" type="checkbox"/> SCVMC <input checked="" type="checkbox"/> SMBHWN <input checked="" type="checkbox"/> SGH <input checked="" type="checkbox"/> SMV <input type="checkbox"/> SMC	PINAGMULAN: Mga Pakikipag-ugnayan sa Pasyente	MGA SANGGUNIAN NG BATAS: Pamagat 22; Pamagat VI 28 CFR Kodigo ng Kalusugan at Kaligtasan § 1259

I. LAYUNIN

Upang balangkasin ang mga hakbang kung saan mailalaan ang tulong sa wika (interpretasyon) at mga serbisyo ng pagsasalin (ng nakasulat na materyal) sa mga pasyenteng limitado at hindi nagsasalita ng Ingles, (limitadong kasanayan sa wikang Ingles,) at/o mahina ang paningin at pandinig (may kapansanan sa pandinig) upang tiyakin ang epektibong pakikipag-ugnayan.


II. PAGPAKAHULUGAN

- A. **Tulong sa Wika (interpretasyon):** Ang pakikinig sa isang bagay na sinasabi o pagbabasa ng isang bagay na nakasulat sa isang wika (pinagmulang wika) at berbal na pagpapahayag nito nang tumpak at may naaangkop na kaugnayan sa kultura sa ibang wika (target na wika). Ang wikang pasenyas ay ginagamit ng maraming tao na may kapansanan sa pandinig o hirap makarinig. Ito ay pangmatang komunikasyon na interaktibo, na gumagamit ng kombinasyon ng mga pagkumpas ng kamay, paggalaw ng katawan, at pagpapahiwatig ng mukha. Maraming iba't ibang uri ng wikang pasenyas, kabilang ang Wikang Pasenyas ng Amerikano (American Sign Language, ASL) at Senyas sa Wikang Ingles (Signed English). (Tingnan ang Attachment A: Mga Makukuhang Serbisyo ng Interpretasyon at Pagsasalin para sa mga nakakontratang serbisyo ng Sharp.)
- B. **Interpreter (Tagasaling-wika):** Isang taong bihasa sa wikang Ingles at sa kinakailangang pangalawang wika, na tamang nakakapagsalita, nakakapagbasa, at handang nakakapagsalin sa kinakailangang pangalawang wika o isang taong tamang nakakapagsenyas at nakakapagbasa ng wikang pasenyas. May kakayanan dapat ang mga tagasaling-wika upang isalin ang mga planong pangmedikal, kabilang ang mga bahagi ng nilalaman.

III. TEKSTO

- A. Nagpatupad ang SHC ng mga pamamaraan para sa paglalaan, sa sukdulang pinapayagan, ayon sa tinukoy ng ospital, sa paggamit ng isang tagasaling-wika kung saan may umiiral na hadlang sa wika o pakikipag-ugnayan.
- B. May makukuhang mga tagasaling-wika, sa mga lugar mismo o maaaring i-access sa pamamagitan ng telepono, 24 na oras sa isang araw.
- C. Ang empleyado ng SHC na bihasang nakakapagsalita ng ibang wika, bukod sa Ingles, ay maaaring magamit upang magsalin sa isang maikling panahon para sa agarang pangangailangan ng pagsasalin hanggang sa dumating ang


Ang mga kopya sa papel ng dokumentong ito ay maaaring hindi napapanahon at hindi dapat pagbatayan para sa mga opisyal na layunin. Ang kasalukuyang bersyon ay nasa <http://sharpnet/policies>

 <input type="checkbox"/> PATAKARAN <input type="checkbox"/> PAMAMARAAN <input checked="" type="checkbox"/> PATAKARAN AT PAMAMARAAN <input type="checkbox"/> PLANO	Pahina 2 ng 4		SANGGUNIAN			
	ORIHINAL NA PETA NA INISYU 06/99	KASALUKUYANG PETA NA NAGKABISA 06/16	CATEG/DIV AS	# NG SEKSYON 1	SECT.CODE AO	# NG PATAKARAN / PAMAMARAAN / PLANO 01206.99
	PAMAGAT:					
	MGA SERBISYO NG WIKA (INTERPRETASYON)					
	PAKSA:					
Pagsasalin						
(Mga) keyword: Mga tagasaling-wika, Tulong sa Wika, Pagsasalin , Spanish, Tagalog, wikang pasenyas, may kapansanan sa pandinig						


nakakontratang tagasaling-wika.

- D. Mag-aalok ang SHC **ng mga serbisyo ng pagsasalin habang nasa ospital ang pasyente at hindi** aasa sa pagsasalin ng mga kapamilya at kaibigan ng pasyente para sa impormasyong pangmedikal. May karapatan ang pasyenteng gamitin ang kapamilya/kabigan bilang tagasaling-wika ngunit hangga't maaari, naroroon din ang isang kwalipikadong tagasaling-wika maliban na lang kung ito ay isang pang-agaran o pangmadaliang sitwasyon. Dapat isadokumento ang kahilingan sa medikal na rekord kabilang ang pagtanggap sa mga serbisyo sa labas.
- E. Gumagamit ang SHC ng mga serbisyo ng nakakontratang tagasaling-wika upang kumuha ng mga tagasaling-wika sa wikang pasenyas.
- F. May makukuhang Mga Speech Pathologist ng SHC para sa konsultasyon ng mga taong may kapansanan sa pagsasalita upang mapadali ang pakikipag-ugnayan.
- G. Naglalaan ng pagsasalin ng nakasulat na materyal ang Departamento ng Serbisyong Multikultural ng SHC.

IV. PAMAMARAAN:	RESPONSIBILIDAD:
A. Pagpasok/pagrehistro pa lamang, tutukuyin na ang pangunahing sinasalitang wika, kasama ang diyalekto at anumang kapansanan sa pandinig ng pasyente, at isadokumento ang mga ito tulad ng sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> 1. Sa screen sa pagpasok/pagpaparehistro. 2. Sa ad hoc form – Tala ng Pakikipag-ugnayan sa Pamilya ng Pasyente 	A. Pag-aalaga/Pagpapasok
B. Iaalok ang tulong sa wika sa mga pasyenteng hindi nagsasalita ng Ingles, limitado ang kasanayan sa Ingles, at may kapansanan sa pandinig. Ipagkakaloob ang mga serbisyo ng tagasaling-wika sa sukdulang kinakailangan at pinapayagan, ayon sa tutukuyin ng SHC.	B. Nars/Tagapagbigay-serbisyo
C. Bibigyang-pansin sa plano ng pangangalaga ang mga naitala sa EMR na hadlang sa pakikipag-ugnayan.	C. Nars
D. Pangunahing isasaalang-alang ng pasilidad ang pinili o paraan ng pakikipag-ugnayan ng mga pasyenteng hindi nagsasalita ng Ingles, limitado ang kasanayan sa Ingles at may kapansanan sa pandinig (hal. tagasaling-wika ng wikang pasenyas, pagbabasa sa sinasabi ng labi, mga nakasulat na tala); maliban na lang kung maipapakita na may magagamit na katumbas na paraan ng pakikipag-ugnayan. Maaaring makakuha sa lugar na kinaroonan ng mga serbisyo ng tagasaling-wika ng wikang pasenyas ayon sa sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> 1. Mga nakakontratang kumpanya lang ang maaaring gamitin ayon sa listahan ng serbisyo. (Tingnan ang Attachment A, “Mga Makukuhang Serbisyo ng Interpretasyon at Pagsasalin para sa mga nakakontratang serbisyo ng Sharp”. 2. Kabilang sa mga posibleng alternatibo sa mga tagasaling-wika ng wikang pasenyas sa lugar na kinaroonan ang: <ol style="list-style-type: none"> a) Paggamit ng nakasulat na pakikipag-ugnayan 	C. Pag-aalaga

 <input type="checkbox"/> PATAKARAN <input type="checkbox"/> PAMAMARAAN <input checked="" type="checkbox"/> PATAKARAN AT PAMAMARAAN <input type="checkbox"/> PLANO	Pahina 3 ng 4		SANGGUNIAN			
	ORIHINAL NA PETA NA INISYU 06/99	KASALUKUYANG PETA NA NAGKABISA 06/16	CATEG/DIV AS	# NG SEKSYON 1	SECT.CODE AO	# NG PATAKARAN / PAMAMARAAN / PLANO 01206.99
	PAMAGAT:					
	MGA SERBISYO NG WIKA (INTERPRETASYON)					
	PAKSA:					
Pagsasalin						
(Mga) keyword: Mga tagasaling-wika, Tulong sa Wika, Pagsasalin , Spanish, Tagalog, wikang pasenyas, may kapansanan sa pandinig						

IV. <u>PAMAMARAAN:</u>	<u>RESPONSIBILIDAD:</u>
b) VRI (Malayuang Pagsasalin sa Video o Video Remote Interpreting) kung saan mayroong magagamit c) Pagsasalin sa Real-time sa Tulong ng Computer (Computer Assisted Real-time, CART) – Maraming tao na may kapansanan sa pandinig o hrap makarinig ang hindi sanay sa parehong wikang pasenyas o pagbabasa sa sinasabi ng labi. Ang CART ay isang serbisyo kung saan tina-type ng operator sa computer kung ano ang sinasabi at ipinapakita ito sa screen. Makukuha ang serbisyong ito mula sa mga nakakontatang serbisyo ng tagasaling-wika ng SHC	
E. Ang dokumentasyon ng sumusunod ay ilalagay sa EMR: 1. Pangangailangan ng interpretasyon – kasama ang pangunahing wikang sinasalita at kapansanan sa pandinig ng pasyente 2. Pag-aalok ng mga serbisyo ng tagasaling-wika at tugon ng pasyente 3. Paraan ng interpretasyon, pangalan ng tagasaling-wika, at kaugnayan o relasyon sa pasyente 4. Kung interpretasyon ba sa pamamagitan ng kapamilya o kaibigan ang gagamitin at dahilan kung bakit 5. Paksa/impormasyon ng interpretasyon 6. Kung hindi makapagbigay ng serbisyo ng interpretasyon, dahilan kung bakit at mga sitwasyon	E. Pag-aalaga
F. Kapag nagkaroon ng agarang pangangailangan para sa mga serbisyo ng tagasaling-wika bukod sa wikang pasenyas sa isang unit/departamento, gagamitin ng humihiling sa unit ang pagsasalin sa pamamagitan ng telepono. Mayroong speaker phone o dual na handset phone sa bawat unit. Maaaring kumuha ng karagdagang telepono sa pamamagitan ng pagtawag sa PBX. 1. Ikabit ang telepono sa linya ng telepono ng pasyente. 2. Kapag naroroon na ang lahat ng partido, tumawag sa linya sa wika – nasa telepono ang numero o nakaprograma na ang telepono. 3. Pumunta sa pangtatluhan pag-uusap (o pangmaramihang pag-uusap).	F. Pag-aalaga
G. Mga nakahiwalay na kwarto: 1. Takpan ng plastic bag ang telepono, panatiliing nakakabit ang receiver. 2. I-dial ang numero mula sa labas ng plastic. Pumunta sa pangtatluhan pag-uusap sa pamamagitan ng speaker. 3. Pagkatapos makumpleto ang interpretasyon, alisin ang plastic bag at linisin ang telepono gamit ang mga inaprubahang microbial wipe ng ospital bago ito itago.	G. Pag-aalaga
H. Kapag kinakailangang kaharap ang tagasaling-wika para sa isang naka-iskedyul na oras, makipag-ugnayan sa isa sa mga nakakontatang kumpanya ng tagasaling-wika na nakalista sa Attachment A upang mag-iskedyul ng isang tagasaling-wika. Kailangang ibigay ng humihiling ang sumusunod:	H. Mga Departamento ng Pagpapasok/ Pag-aalaga/ Ancillary

 <input type="checkbox"/> PATAKARAN <input type="checkbox"/> PAMAMARAAN <input checked="" type="checkbox"/> PATAKARAN AT PAMAMARAAN <input type="checkbox"/> PLANO	Pahina 4 ng 4		SANGGUNIAN			
	ORIHINAL NA PETA NA INISYU 06/99	KASALUKUYANG PETA NA NAGKABISA 06/16	CATEG/DIV AS	# NG SEKSYON 1	SECT.CODE AO	# NG PATAKARAN / PAMAMARAAN / PLANO 01206.99
	PAMAGAT:					
	MGA SERBISYO NG WIKA (INTERPRETASYON)					
	PAKSA:					
Pagsasalin						
(Mga) keyword: Mga tagasaling-wika, Tulong sa Wika, Pagsasalin , Spanish, Tagalog, wikang pasenyas, may kapansanan sa pandinig						

IV. <u>PAMAMARAAN:</u>	<u>RESPONSIBILIDAD:</u>
<ol style="list-style-type: none"> 1. Pangalan ng pasyente 2. Oras na itatagal at petsang kinakailangan ang tagasaling-wika 3. Lokasyon kung saan inaasahan ang tagasaling-wika 	

V. PAG-APRUBA:

- A. Pamunuan ng Metro ng Sharp, Pebrero 24, 1999; 06/02
- B. Tagapangasiwa, PBX / Mga Serbisyo ng Panauhin - 01/06; 04/07: 11/07; 09/08;
- C. SCOR, SGH, (Mga) Tagapangasiwa ng SCV, Mga Pakikipag-ugnayan sa Pasyente – 07/11
- D. Tagapangasiwa ng SMMC, Mga Pakikipag-ugnayan sa Pasyente – 03/12; 03/15
- E. Pangkat ng Pamunuan sa Pakikipag-ugnayan sa Pasyente ng System – 03/12
- F. Pangkat ng Pagsasalin ng System – 07/13; 06/16
- G. Komite sa Pangangasiwa ng Patakaran at Pamamaraan ng System – 06/99; 02/15
- H. Komite sa Patakaran at Pamamaraan sa Pag-aalaga ng System – 01/15
- I. Tagapangasiwa ng System, Mga Serbisyo ng Suporta ng Lakas-tao – 06/16

VI. PAGPAPALIT:

- A. SMH #9753; orihinal na dtd. 3/84; binago 1/89, 7/90, 11/90, 1/91, 1/94
- B. SVP #RH9
- C. System #01206 & 01206.01

VII. MGA ATTACHMENT: (Mag-click sa pangalan ng Attachment upang i-access)

- A. Mga Makukuhang Serbisyo ng Interpretasyon at Pagsasalin para sa lahat ng Ospital:
 - [Sharp Chula Vista Medical Center](#)
 - [Sharp Coronado Hospital and Healthcare Center](#)
 - [Sharp Grossmont Hospital](#)
 - [Sharp Mary Birch Hospital for Women and Newborns](#)
 - [Sharp Memorial Hospital, Sharp Stephen Birch Healthcare Center, Outpatient Pavilion, Sharp Rehabilitation](#)
 - [Sharp Mesa Vista](#)

VIII. HISTORY: System #01206.99; orihinal na dtd 06/99

Sinuri\Binago: 06/02; 03/05; 08/05; 01/06, 04/07, 12/07; 10/08; 03/12; 03/15; 06/16; 01/17

Mga Makukuhang Serbisyo ng Interpretasyon at Pagsasalin

SHARP CHULAVISTA MEDICAL CENTER

URI	KUMpanya
Sa Pamamagitan ng Telepono	Pacific Interpreters: 1-866-309-3849 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisiyong Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang <u>Form sa Kahilingan ng Pagsasalin</u> na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisiyong Multikultural
Mga Serbisyo ng Pagsasalin para sa lahat ng Wika – Harapan Malayuang Pagsasalin sa Video	Interpreters Unlimited: 1 800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na makikita sa Ospital. I-launch ang ODI application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-login gamit ang natatanging username at password. Pumili ng wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Network Interpreting Service: 1-800-284-1043. (L-B, 7:00 am hanggang 4:00 pm) (Mga Serbisiyong Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1-800-284-1043 x 709)
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig: 619 398 2488 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	May 1 nakalagay sa PBX May 1 nakalagay sa ED
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY. Tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
CART – naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas – Harapan.	Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan Iniiskedyul sa pamamagitan ng: Interpreters Unlimited: 1-800-726-9891, Fax 1-800-726-9822 www.interpretersunlimited.com

SHARP CORONADO HOSPITAL AND HEALTHCARE CENTER

URI	KUMpanyA
Sa Pamamagitan ng Telepono	Pacific Interpreters: 1-866-309-6558 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisyong Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang <u>Form sa Kahilingan ng Pagsasalin</u> na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisyong Multikultural
Mga Serbisyo ng Pagsasalin para sa lahat ng Wika – Harapan	Interpreters Unlimited: 1-800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com
Malayuang Pagsasalin sa Video	Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na makikita sa Ospital. I-launch ang ODI application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-login gamit ang natatanging username at password. Pumili ng wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Wikang Pasyenas – Harapan	Network Interpreting Service: 1-800-284-1043 (L-B, 7:00 am hanggang 4:00 pm) (Mga Serbisyong Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1-800-284-1043 x 709)
Pagsasalin ng Wikang Pasyenas – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig: 619 398 2488 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Twin Handset	Telepono para sa serbisyo ng pagsasalin ng wika sa pamamagitan ng telepono. Nakaprograma na ang mga memory button. Kapag pinindot ang unang button ay madidirekta sa serbisyo ng pagsasalin ng wika.
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	May 1 nakalagay sa PBX
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY. Tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
CART – naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas – Harapan.	Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan Iniiskedyul sa pamamagitan ng: Interpreters Unlimited: 1-800-726-9891, Fax 1-800-726-9822 www.interpretersunlimited.com

SHARP GROSSMONT HOSPITAL MGA SERBISYO NG INTERPRETASYON

URI	KUMpanya
Suporta sa mahigit 180 wika sa pamamagitan ng telepono	Pacific Interpreters (24/7; 365 araw) 866-309-8217 (code: 841973)
Mga Serbisyo ng Pagsasalin para sa lahat ng Wika - Harapan Malayuang Pagsasalin sa Video	Interpreters Unlimited 1-800-726-9891 (L-B, 9:00 AM hanggang 5:00 PM) Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na makikita sa Ospital. I-launch ang ODI application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-login gamit ang natatanging username at password. Pumili ng wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisyonang Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang Form sa Kahilingan ng Pagsasalin na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisyonang Multikultural
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas Wikang Pasenyas ng Amerikano – Harapan	Network Interpreting Service 1 800 284 1043 (L-B, 7:00 AM hanggang 4:00 PM) Mga Serbisyonang Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1 800 284 1043 x 709)
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas Wikang Pasenyas ng Amerikano at Mexicano – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig 619 398 2488 (24 na oras- 7 araw sa isang linggo)
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Matatagpuan sa PBX –
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY. Tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
Twin Handset at Mga Cordless na Telepono	Telepono para sa serbisyo ng pagsasalin ng wika. Nakaprograma na ang mga memory button. Magagawa ang Pagkonekta sa Third Party sa pamamagitan ng Pacific Interpreters. Hilingin ito sa Operator sa c
CART – naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas – Harapan.	Iniiskedyul ang Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng: Interpreters Unlimited: 1 800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com

SHARP MARY BIRCH HOSPITAL FOR WOMEN AND NEWBORNS

URI	KUMpanya
Sa Pamamagitan ng Telepono	Pacific Interpreters: 1-866-322-0018 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisyong Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang Form sa Kahilingan ng Pagsasalin na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisyong Multikultural
Mga Serbisyo ng Pagsasalin para sa lahat ng Wika – Harapan	Interpreters Unlimited: 1 800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com
Malayuang Pagsasalin sa Video	Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na matatagpuan sa lugar ng Triage. I-launch ang ODI Application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-login gamit ang natatanging username at password. Pumili ng Wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Network Interpreting Service: 1-800-284-1043 (L-B, 7:00 am hanggang 4:00 pm) (Mga Serbisyong Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1-800-284-1043 x 709)
CART – Naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas – Harapan.	Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan (Iniiskedyul sa pamamagitan ng Network Interpreting Service)
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig 619 398 2488 (24 na oras – 7 araw sa isang linggo)
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) - Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Matatagpuan sa PBX –
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY; tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
Twin Handset	Telepono para sa serbisyo ng pagsasalin ng wika. Nakaprograma na ang mga memory button. Kapag pinindot ang unang button ay madidirekta sa serbisyo ng pagsasalin ng wika.

**SHARP MEMORIAL HOSPITAL,
STEPHEN BIRCH HEALTHCARE CENTER,
OUTPATIENT PAVILION, SHARP REHABILITATION**

URI	KUMpanya
Sa Pamamagitan ng Telepono	Pacific Interpreters 1-800-974-7468 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisyong Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang <u>Form sa Kahilingan ng Pagsasalin</u> na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisyong Multikultural
Mga Serbisyo ng Pagsasalin ng Wika para sa lahat ng Wika – Harapan Malayuang Pagsasalin sa Video	Interpreters Unlimited: 1 800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na makikita sa Ospital. I-launch ang ODI application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-login gamit ang natatanging username at password. Pumili ng wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Network Interpreting Service: 1-800-284-1043 (L-B, 7:00 am hanggang 4:00 pm) (Mga Serbisyong Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1-800-284-1043 x 709)
CART – Naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas – Harapan.	Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan (Iniiskedyul sa pamamagitan ng Network Interpreting Service)
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig 619 398 2488 (24 na oras – 7 araw sa isang linggo)
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Matatagpuan sa PBX-
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY. Tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
Twin Handset	Telepono para sa serbisyo ng pagsasalin ng wika. Nakaprograma na ang mga memory button. Naglagay ng karagdagang tagubilin sa kahon.

SHARP MESA VISTA

URI	KUMpanyA
Sa Pamamagitan ng Telepono	Pacific Interpreters: 1-866-322-0530 (24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo)
Pagsasalin ng Nakasulat na Materyal	Mga Serbisyong Multikultural: 858-499-4950 Sagutan ang <u>Form sa Kahilingan ng Pagsasalin</u> na makikita sa Intranet ng Sharp sa ilalim ng Mga Serbisyong Multikultural
Mga Serbisyo ng Pagsasalin para sa lahat ng Wika – Harapan Malayuag Pagsasalin sa Video (Stratus Video)	Interpreters Unlimited: 1 800 726 9891, Fax 1 800 726 9822 www.interpretersunlimited.com Magagamit ang VRI sa pamamagitan ng computer na makikita sa Ospital. I-launch ang ODI application sa pamamagitan ng dalawang beses na pag-click. Mag-log in gamit ang natatanging username at password. Pumili ng wika sa pamamagitan ng pag-click sa screen. Hintaying makakonekta. Kilalanin ang iyong Tagasaling-wika – kunin ang kanyang pangalan at ID Number.
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Network Interpreting Service: 1-800-284-1043 (L-B, 7:00 am hanggang 4:00 pm) (Mga Serbisyong Pang-emergency pagkatapos ng 4:00 pm at weekend 1-800-284-1043 x 709)
CART-Naaangkop sa isang taong May Kapansanan sa Pandinig na hindi nakikipag-ugnayan gamit ang wikang pasenyas Harapan	Pagsasalin sa Real-time sa pamamagitan ng Access sa Pakikipag-ugnayan (Iniiskedyul sa pamamagitan ng Network Interpreting Service)
Pagsasalin ng Wikang Pasenyas – Harapan	Mga Serbisyo ng Komunidad ng May Kapansanan sa Pandinig 619 398 2488 (24 na oras – 7 araw sa isang linggo)
Mga TTY Machine (telepono para sa di-makarinig o di-makasalita) – Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Matatagpuan sa PBX –
Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California-Panlabas na Pakikipag-ugnayan	Ginagamit ng SHC ang CRS para sa panlabas na pakikipagtawagan sa mga gumagamit ng TTY; tumatanggap at nagsasagawa ng mga tawag ang SHC sa pamamagitan ng serbisyo ng pagpapasa. Maaaring i-dial ng pasyente ang 777 upang kumonekta sa Mga Serbisyo ng Pagpapasa ng California
Twin Handset	Telepono para sa serbisyo ng pagsasalin ng wika. Nakaprograma na ang mga memory button. Kapag pinindot ang unang button ay madidirekta sa serbisyo ng pagsasalin ng wika.